Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Cordillera Administrative Region
**DIBISYON NG BAGUIO**
#82 Military Cut-off Road, Baguio City

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
**Blg. 204 s. 2016**

**Para sa** : Pandistritong Superbisor ng Pampublikong Paaralan
Pinuno/Punong-Guro, Ulong-Guro ng Pribado at Pampublikong Paaralan
Guro sa Filipino

**Mula kay** : **ATTY. AUGUSTIN P. LABAN III**
OIC-Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay

**Paksa** : **MGA PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2016**

**Petsa** : Agosto 1, 2016

1. Bilang pagtalima sa itinakda ng Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 at alisunod sa Panrehiyong Memorandum blg. 206 s. 2016. Ang Kagawaran ng Edukasyon, Dibisyon ng Baguio ay magsasagawa ng iba't ibang patimpalak kaugnay sa nabanggit na pagdiriwang na may paksang **"Filipino: Wika ng Karunungan"** sa Agosto 26, 2016, simula ika-8:00 ng umaga hanggang ika-3:00 ng hapon sa *silid-aklatan ng Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Baguio.*
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041,
   b. mahikayat ang iba't ibang paaralang pampubliko man o pribado na makiisa sa mga programang tulad nito na magpapataas ng kamalayang pangwika,
   c. maganyak ang mga mag-aaral at mga guro na pahalagahan ang Wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa,
3. Ang mga patimpalak ay ang mga sumusunod:
   **Kategorya A. Elementarya:**
   a. Masining na Pagkukwento
   b. Balagtasan
   **Kategorya B – Junior High School:**
   a. Katutubong Sayaw
   b. Dagliang Talumpati
4. Kalakip ng memorandum na ito ang tuntunin at panukatan sa nasabing mga patimpalak.
5. May minimal na rehistrasyong babayaran ang bawat kalahok isandaang piso ( 100.00) para sa pangkatang paligsahan at limampung piso ( 50.00 ) para sa indibidwal na paligsahan ng mga mag-aaral na kalahok sa elementarya at sekondarya. Ang nasabing rehistrasyon ay gagamitin para sa mga kakailanganin sa pagsasagawa ng programa tulad ng sertipiko, papel na pagsusulatan at meryenda ng lupon ng inampalan. Ang rehistrasyon ay maaaring manggaling sa pondong local, pondo ng PTA o anumang pondong maaaring mapagkukunan na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag- aawdit.
6. Ang mananalo ng una at ikalawang gantimpala sa patimpalk pandistrito ang siyang kakatawan sa kanilang distrito.Hinihikayat ang lahat na aktibong makibahagi at makiisa sa mga itinakdang gawain bilang pagbibigay pugay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.
7. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**Enklosyur blg. 1 sa Dibisyon Memo blg. ____ s. 2016**

**Kategorya A. Elementarya:**

1. **Masining na Pagkukwento**

**Mekaniks:**

a. Ang mga kalahok ay maaaring magmula sa Baitang 1- 3.
b. Ang kuwentong ilalahad ay may kaugnayan sa paksa: **Filipino: Wika ng Karunungan".** Maaaring bumuo ng sariling kuwento.
c. May nakalaang minimum na dalawang (2) minuto at maksimum na apat (4) na minuto sa paglalahad . Hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**

a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa ---------- 35%
b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha- - - 25%
c. Pag-iiba ng boses ayon sa tauhan -----------------10%
d. Kabuuang pagtatanghal ------------------------ 20%
e. Kagamitan at kaayusan ------------------------ 10%
**Kabuuan -------------------------------------- 100%**

2. **Balagtasan**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral mula Baitang 4-6.
**b.** Ang pagtatalunan ay may kaugnayan sa paksa: **Filipino: Wika ng Karunungan.**
c. May nakalaang minimumna tatlong(3) minuto at maksimum na limang(5) minuto para sa pagtatalo.

**Kraytirya:**

a. Kaangkupan sa tema at kaalaman ------------------ 35%
b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha- - - - 25%
c. Paglalahad ng mga patunay/ebidensiya--------------- 10%
d. Kabuuang pagtatanghal ------------------------ 20%
e. Kagamitan at kaayusan ------------------------- 10%
**Kabuuan -------------------------------------------- 100%**

**KATEGORYA B – Junior High School**

8. **Katutubong Sayaw**

**Mekaniks:**

a. Ang mga kalahok ay mag-aaral mula Baitang 7-8
b. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat (4) na mananayaw.
c. Ang sayaw ay itatanghal sa loob ng limang minuto (5) hanggang 10 minuto hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado

**Kraytirya:**

a. Pagkakaisa ng kilos/galaw ---------------------------- 35%
b. Kaalaman sa sayaw ---------------------------------- 30%
c. Kasuotan ------------------------------------------ 15%
d. Kabuuan ng pagtatanghal ---------------------------- 20%
**Kabuuan ------------------------------------------ 100%**

9. **Dagliang Talumpati**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula baiting 9-10
**b.** Ang tanong ay nakahanda para sa kalahok
**c.** May nakalaang minimum na tatlong (3) minute hanggang maksimum na limang minuto para sa paglalahad ng ideya kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**

a. Kaalaman sa paksa ---------------------------------- 30%
b. Lakas at linaw ng boses ----------------------------- 20%
c. Paglalahad ng mga patunay -------------------------- 25%
d. Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha at tiwala sa sarili------- 25%
**Kabuuan ------------------------------------------ 100%**